# Modyul 22

# Pagbuo ng paglalahad Ayon sa mga Pangungusap na Nagpapahayag ng Pagkakatulad

# Tekstong Argumentativ



## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Binabati kita sapagkat maluwalhati mong natapos ang nakaraang modyul. Ngayon naman, panibagong modyul ang iyong haharapin na siyang gagabay sa iyong pagkatuto.

Makababasa ka ng mga tekstong hahamon sa iyong kakayahang mag-isip tulad ng tekstong argumentativ. Kasama rin dito ang paggamit ng mga angkop na salita, ang kawastuan ng mga impormasyon na maaaring may kaugnayan sa kasalukuyang kaganapan, gayundin ang pagkakatulad ng mga ito sa ibang konsepto. Sa madaling salita, tutulungan ka ng modyul na ito na magsuri at gumamit ng mga salitang naglalarawan ng pagkakatulad ng mga ideya, kaya hindi maiiwasang talakayin sa modyul na ito ang tungkol sa pang-uri lalo na ang pang-uring pahambing.

Lilinangin din ng modyul na ito ang iyong kasanayang magsuri ng uri at katangian ng teksto upang ganap mong maunawaan ang paksa, layunin at ang pananaw ng manunulat sa araling tinatalakay.

Huwag kang mabahala sapagkat ang modyul na ito ay sadyang inihanda para sa iyong pagkatuto kaya simulan mo na!




## Ano ang Matututunan mo?

Sa modyul na ito, tutulungan kang matukoy at makabuo ng mga pangungusap na nagpapahayag ng pagkakatulad ng ideya, gayundin ang pagkilala at pagsusuri sa anyo ng pahiwatig na kontekstwal na makatutulong sa pag-unawa mo sa mga tekstong babasahin sa modyul na ito.

Matututunan mo rin ang paraan ng pagkakasulat ng teksto batay sa tono, pananaw at paraan ng pagkakasulat ng salita, pangungusap at pagtatalata.


Sa huli, makapag-uugnay-ugnay ka ng mga impormasyon ng paksang iyong napili.



## *Paano Mo Sasagutin Ang Modyul na ito?*

Mahalaga ang modyul na ito kaya inaasahang isasagawa mo ang mga sumusunod:

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Samakatwid, isulat mo sa hiwalay na papel ang iyong sagot sa mga pagsasanay.
2. Sagutin mo ang lahat ng pagsusulit at pagsasanay kaya magsimula ka sa panimulang pagsusulit sapagkat ito ang unang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mong kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.
3. Basahin at unawain mong mabuti ang teksto. Pagkatapos, sagutin mo ang kasunod na gawain.
4. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Maging matapat ka sana sa pagwawasto. Huwag kang mag-alala kung mababa man ang iyong iskor sapagkat may mga gawain pang makatutulong sa iyo.
5. Sagutin mo rin ang Pangwakas na Pagsusulit upang matiyak mo kung natututnan mo ang aralin. Kunin mong muli ang susi sa pagwawasto.



## *Ano Ba Ang Alam Mo?*

Bago ka magpatuloy, subukin mong sagutin ang kasunod na pagsusulit nang malaman mo kung ano na ang alam mo.


A. Panuto: Basahin mo ang teksto at isulat sa bawat hanay ang pagkakatulad ng Pilipinas at Burma sa anyo ng nasyonalismong naganap sa bansa nila.

Nabuo ang nasyonalismo sa Pilipinas noong ikalawang bahagi ng ika-19 na dantaon. bunga ng maraming pangyayari. Isa na rito ang pagpasok ng kaisipang liberal dahil sa pagbubukas ng Suez kanal at ng mga daungan ng bansa sa kalakalang pandaigdig. Ang pagkagarote sa tatlong pariong martir na sina Gomez, Burgos at Zamora ay nakapukaw rin sa diwa ng nasyonalismo ng mga mamamayan. Banggitin pa rin ang pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa Kastila na hindi din naman nagtagumpay dahil sa kawalan ng pagkakaisa at kahinaan sa pamumuno.

Sa unang anyo ng nasyonalismo na nakita sa mga repormista , nalaman na ang tanging hangad ay mabago ang pamamalakad ng Espanya sa Pilipinas at ibilang ang bansa na isang lalawigan nito ngunit dahil sa hindi ito naisakatuparan, nagbigay-hudyat ito sa panibagong anyo ng nasyonalismo, ang pakikipaglaban para sa kalayaan sa pamamagitan ng himagsikan.

Sa Burma naman, nagsimula ang kilusang nasyonalismo noong unang dekada ng ika-20 dantaon.. Noong 1923, sinimulan ang diarchy bunga ng paggiit ng mga Burmese na bigyan sila ng higit na malakihang pakikilahok sa pagpapatakbo sa kanilang bansa.

Noong 1937, nabigyang-katuparan ang hiling ng mga Burmese na ihiwalay sila sa India. ngunit nanatili pa rin silang sakop ng Inglatera.kaya bago sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig , higit na naging aktibo ang mga Burmese na makalaya. Maraming protesta ang naganap na nauwi sa karahasan..Nanguna sa kilusan ang mga mag-aaral sa pamantasan. Pansamantalang natigil ang suliraning ito bunga ng pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.




B. Panuto: Piliin mo sa loob ng kahon ang salitang tinutukoy sa pangkat ng mga salita.

1. kalakalan, pagnenegosyo, kabuhayan
2. pakikipaglaban, pakikipagtunggalian, paghihimagsik
3. naghangad, nangarap, nagnais
4. pagtutol, pagtanggi, pag-ayaw
5. nakagising, nakapukaw, nakawili
6. pagpigil, paghadlang, pag-apula
7. pagkamakabansa, makabayan
8. pang-aabuso, pang-aalipin, pagsasamantala
9. Kastila, Amerikano, Hapon
10. Gomez, Burgos, Zamora

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ekonomiya, | nakaaantig | protesta | pag-aalsa | umaasam |

C.Panuto: Isulat ang OO o HINDI kung ang pares na pangungusap ay magkatulad ng kaisipan .

1. Ang Pilipinas ay humingi ng pagbabago.
   Ang mga taga-Burma ay gayundin.
2. Nahiwalay ang Burma sa India.
   Nanatili pa ring sakop ng Inglatera ang Burma.
3. Ang mga Pilipino ay naghimagsik laban sa kastila.

Ang Burmese ay bumuo ng mga protesta.

4. Hawak ng Indian ang ekonomiya ng Burma.
   Ang mga Kastila naman ang namahala sa Pilipino.
5. Aktibo ang kilusang nasyonalismo ng mga taga-Burma.
   Aktibo rin naman ang nasyonalismo ng mga Pilipino.

D.Panuto: Basahing mong mabuti ang bawat teksto. Punan ng angkop na salitang pahambing ang patlang sa bawat pangungusap.piliin mo sa loob ng kahon ang wastong sagot.

1. _____________ na matagal ang pagkakasakop ng mga Kastila __________ sa mga Amerikano.
2. Ang mga Pilipino ay _______________ sa panahon ng mga Kastila ___________ panahon ng Amerikano.
3. Mahirap ang buhay noon __________ngayon.
4. _______________sina Andres Bonifacio at Dr. Jose Rizal sa pagpapakita ng pagmamahal sa bayan.
5. Masasabing ang mga Pilipino ngayon ay _____________ nag-iisip ng mabuti para sa ikagagaling ng bansa.

| |
|---|
| mahirap    gayundin,    higit na magkatulad,  kapwa, kaya   tulad |

. E. Panuto: Basahin mo ang talataan. Pagkatapos, sagutin mo ang kasunod na mga tanong sa pamamagitan ng pagpili ng titik ng wastong sagot.

Ang pag-ibig ay isang makapangyarihang damdamin ng tao. Ito ang nagbibigay kulay sa sinumang makadama nito. Nasa kanyang puso ang galak at kasiyahang hindi mailarawan ngunit hindi laging ganito. May mga pagkakataong dahil sa pag-ibig, marami ang lumuluha, nagdurusa at kahit pagpapakamatay ay sinusuong sapagkat di makayanan ng mahinang kalooban ang kabiguang nadarama.

Sinasabing karaniwan sa tao ang makadama ng pag-ibig kaya karaniwan tanggap niya ang pagpapakasakit na maaaring idulot nito tulad ng mga namayapang bayani na nagtiis ng di birong dusa at pinuhunan maging ang sariling buhay alang-alang sa pag-ibig sa bayan. Ito ang tinatawg na nasyonalismo na ayon sa isang manunulat, ito ay bulag na pag-ibig na nagpapakilala sa mga ekspresyon ng mga bansa. Ito raw ay nagsimula sa Europa pagkatapos ng Digmaang Napoleon at tulad ng kaganapang ito, sa Pilipinas ay umusbong din sa puso at isipan ng mga mamamayan dahil sa pang-aabuso ng mga Kastila. Higit itong nadama noong patayin sa garote ang tatlong paring martir na sina Padre Burgos, Padre Burgos at Padre Zamora.

Lalong nag-umigting ang nasyonalismo noong pinaglalaban ng mga Pilipino ang kalayaan sa mga Amerikano.Maging nang ang bansa ay ganap nang malaya, ,hindi natulog ang damdaming makabayan sa pagsugpo ng iba pang dayuhang ibig sumakop sa iba't ibang aspeto ng buhay.

1. Lalong <u>nag-umigting</u> ang damdamin ng mga taong makalaya sa kamay ng mga dayuhan. Ang salitang nag-umigting ay nangangahulugang______________ .

a. tumindi
b. uminit
c. lumakas
d. tumatag

2. May mga makabayang ibig <u>masugpo</u> ang iba pang dayuhang ibig sumakop sa bansa..
a. maiwasan
b. mahadlangan
c. mapatay
d. mapigilan

3. Ayon sa teksto, makapangyarihan ang pag-ibig sapagkat ito ay ___________ .
a. nagdudulot ng kasiyahan
b. nagpapalakas ng loob
c. tumatanggap ng pagpapakasakit
d. pagbubuwis ng buhay

4. Ayon sa teksto, lalong nadama ang nasyonalismo nang _______________.
a. ginarote ang tatlong paring martir.
b. magsimula ang digmaan sa Europa.
c. dumating ang mga Amerikano.
d. nang-abuso ang mga Kastila.

5. Ang nangingibabaw na damdamin sa teksto ay _______________ .
a. pag-ibig sa kapwa
b. pagkamakabansa
c. tunay na pag-ibig
d,paggalang sa dayuhan

6. Ang tono ng teksto ay _____________.
a. nalulungkot
b. nasisiyahan
c. nababahala
d. nagagalit

7. Alin kaya sa mga sumusunod ang mangyayari kung ang mga mamamayan ay magkakanya-kanya?
a. Lahat ay magagawa ang naisin.
b. Magkakaroon ng kaguluhan.
c. Hindi sila magkakaunawaan.
d. Mawawala ang disiplina.

8. Sa kabuuan, ang teksto ay ______________.
a. naglalarawan
b. nanghihikayat
c. nagpapaliwanag
d. nangangaral

9. Ang teksto ay para sa ____________________.
a. mga namayapang bayani
b. bawat mamamayan
c. susunod na henerasyon
d. namumuno sa bansa.

10. Ang bisang pangkaisipan ng teksto ay ________________.
a. dapat magbuwis ng buhay para sa bayan.
b. makapangyarihan ang tunay na pag-ibig.
c. ang pag-ibig sa bayan ang salalayan ng kalayaan.
d. tularan ang mga namayapang bayani ng bansa.

Kung tapos mo nang sagutin ang mga katanungan, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung hindi ka nasiyahan sa resulta nito, ipagpatuloy mo ang pag-aaral ng modyul na ito. Dumako ka na sa kasunod na aralin.

## Mga Gawain sa Pagkatuto

# *SUB-ARALIN 1*

*Salita/ Pangungusap na nagsasaad ng pagkakatulad*

**Layunin:**

- Natutukoy at nakabubuo ng mga salita/ pangungusap na nagpapahayag ng pagkakatulad ng ideya
- Nasusuri at nagagamit ang iba't ibang salita na nagpapahayag ng pagkakatulad ng mga ideya
- Nakikilala at naisusulat ang pagkakaiba ng pahambing na magkatulad at pahambing na hindi magkatulad

**Alamin**

Paghambingin mo ang dalawang larawan sa ibaba batay sa kaganapang ipinahihiwatig dito.

LARAWAN 1

LARAWAN 2

Magaling at maayos mong naisagawa ang gawaing ito.Dumako ka naman sa susunod na gawain.

**Linangin**

Mula sa iyong ginawang pagtutulad sa dalawang larawan, basahin at unawain ang kasunod na impormasyon.

Hambingan ng mga Pang-uri

Ang pang-uring pahambing ay mga pang-uring naghahambing ng dalawang tao, bagay, pook at iba pa.

Dalawang uri ng pang-uring pahambing:

**1. pahambing na magkatulad**- kung ang pinaghahambing ay pareho ng uri katangian. Nakikta ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga panlaping kasing-, kasing-, magsing-, magkasing-, at paggamit ng mga salitang pampanulad tulad ng gaya, tulad, paris, kapwa at iba pa.

**2. pahambing na di magkatulad**- kung ang mga pinaghahambing ay hindi magkapareho ng uri o katangian. Nakikita ito sa paggamit ng mga salitang panghambing tulad ng kaysa, di tulad, di gaano, di gaya, di gaya at iba pa.

Tapos ka na bang magbasa? Naunawaan mo ba ang binasa mo? Tingnan mo ang kasunod na pangungusap. Basahin at suriin ito mo itong mabuti.

1. Magkamukha ng kapalaran ang Plipinas at ibang bansa na nasakop ng mga dayuhan .
2. Kapwa malupit ang mga mapanakop na bansa.

Alin diyan ang salitang naglalarawan?
Tama! Ang salitang naglalarawan ay magkamukha at kapwa malupit.
Ano ang tahasang sinasaad ng mga salitang naglalarawan?
Tama ka uli. Ito ay naglalahad ng pagkakatulad ng dalawang tinutukoy sa pangungusap- Ang Pilipnas at ang ibang bansa sa unang pangungusap at sa pangalawang pangungsap ay pinagtutulad naman ang mga mapanakop na bansa.

Pansinin mo naman ang kasunod na pangungusap. Suriin mo ito pagkatapos.

1. Higit na nagdusa ang mga Pilipino sa kamay ng mga Hapon kaysa sa mga Amerikano.
2. Para sa akin, mabuting hamak ang pamamalakad ng mga Amerikano kaysa sa mga Kastila.

Pansinin mo ang mga salitang may salungguhit. Ano ang masasabi mong inilalahad ng mga iyan?

Tama ang iyong sagot. Ito ay nagpapakita ng hindi pagkakatulad ng pinag-uusapan sapagkat iyan ay di magkatulad na hambingan.

Upang matiyak natin kung naunawaan mo ang aralin, ipagpatuloy mo ang pagbabasa.Sagutin mo ang kasunod na gawain na nasa GAMITIN. Huwag kang mag-alala. Ang kasunod na gawain ay makatutulong sa iyong pagkatuto.

**Gamitin**

A. Basahin mo ang talataan. Pagkatapos, isulat mo sa iyong sagutang papel ang mga salita o pangungusap na nagpapahayag ng pagtutulad ng mga ideya o kaisipan.

Parehong masalimuot, magulo at walang kapayapaan ang buhay ng mga Pilipino sa kamay ng mga dayuhan, sa kamay ng Kastila, Hapon at Amerikano.Tulad ng dapat asahan, higit na pinahahalagahan ng mga mapanakop na bansa ang kanilang kagalingan kaysa sa mga Pilipino. Noong panahon ng Kastila, hindi masasabing naibigay nila sa mga Pilipino ang tulong pangkaunlaran na ipinangako nila. Ang Pilipinas ay nagdusa at sa loob ng tatlong daang pananakop, ang bansa ay hindi nagbago sa paraan ng pamumuhay, bagkus ang dating payapang buhay ay naging malaimpiyerno. Iyan ang dahilan kung bakit marami ang naghangad ng pagbabago sa pamamahala na ipinagwalambahala ng mga Kastila.

Kung pag-uusapan nama ang panahon ng Hapon, may masasabi bang pagbabago sa pamamalakad sa pamahalaan?Wala, sapagkat gaya ng nakaraang administrasyon, ito ay panibagong kalbaryo sa buhay ng mga Pilipino. Sila ay sinlupit ng mga Kastila. Laging nakaumang ang panganib ng bawat isa. Maging ang mga kababaihan ay takot sapagkat marami na ang napagsamantalahan nong mga panahong iyon. tulad ng naisiwalat ng mga sinasabing Comfort Women na nabubuhay pa sa kasalukuyan.

.Mas mabuti payata noong panahon ng Amerikano sapgkat nasusulat sa kasaysayan na pinagkalooban tayo ng sampung taong paghahanda tungo sa ganap na kalayaan na siyang tinatamasa natin ngayon.

Sa ngayon, ang bansa ay nasa krisis. Kung anuman ang magiging kinahinatnan ng bansa, manangan tayo sa sugat na iniwan ng nakaraang kasaysayan at sa pag-asa ng bukas na sinliwanag ng sikat ng araw sa silangan..

Mga magkatulad na ideya:

1.____________________________________________________________________________
2.____________________________________________________________________________
3.____________________________________________________________________________
4.____________________________________________________________________________
5.____________________________________________________________________________

Kung tapos ka na, iwasto mo ang iyong ginawa.
Tama bang lahat ang sagot mo? Magaling . Kung may mali ka, hwag kang malungkot. Magpatuloy ka lamang . Muli mong basahin ang nakaraang teksto.

B. Kung tapos ka na, ihanay mo ang mga salitang nagpapahayag ng pagtutulad na naitala mo sa nakaraang gawain.

| MAGKATULAD | HINDI MAGKATULAD |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

Madali mo bang naisagawa ang pagsasanay?Muli mong iwasto ang sarili mong s

Magaling kung mataas ang iyong iskor.
May kasunod na gawain na inihanda para sa iyo. Basahin mo ang talataan . Pagkatapos, punan mo ng angkop na salitang nagpapahayag ng pagtutulad ang patlang.Piliin mo sa ibaba ang wastong sagot.

## C. Sa Hapon

Kakaiba ang nasyonalismo ng Hapon ____1_____ sa ibang mga bansang Asyano. Hinangad ng ibang mga bansang Asyano na mapaalis ang mga Kanluranin sa kani-kanilang mga bansa.Sa kaso ng Hapon, ____2______ na masidhi ang nasyonalismo nito. Naging matagumpay siya na bigyang-wakas ang pakikialam ng mga kanluranin sa kanya bago ang ika-20 dantaon

Hindi lamang kalayaang pulitikal ang napagtuunan ng nasyonalismo ng Hapon. Ninais din niyang magkaroon ng katatagang pang-ekonomiya ___3_______ ng bansang kanluranin upang hindi ito makapanghimasok sa kanila.Ang pagsakop ng Hapon sa Korea at pagkontrol niya sa Timog Manhuria ay halimbawa ng masidhing nasyonalismo.

Bunga ng masidhing nasyonalismo, naganap ang Digmaang tsino-Hapones at Ruso-Hapones na ____4______ nagpapatunay ng naiibang uri ng nasyonalismo na nagwakas sa pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Ang nasyonalismo ng ibang bansang Asyano ay maituturing na defense mechanism o mapagtanggol na nasyonalismo na _____5________ sa nasyonalismo ng Hapon , ito ay masasabing aggressive nationalism o mapusok na nasyanalismo.

| |
|---|
| pareho kaysa kapwa tulad higit |

Kung tapos ka na, maaari mo nang iwasto ang iyong sagot.

Kung tama ang lahat ng iyong sagot, ang husay mo! Kung may mali ka, muli mong balikan at basahin ang nakaraang gawain.

**Lagumin**

A. Basahin mo ang kasunod na talata. Punan mo ng angkop na sagot ang patlang. Piliin sa loob ng kahon ang sagot. Pagkatapos,punan mo rin ng sagot ang kasunod na tanong upang mabuo ang kaisipan nito.

Ang unang pagpapakita ng nasyonalismo ng mga Indian ay ang pagkakatatag ng Indian national Congress noong 1885.Humingi ang samahang ito nang _____1_____ malawak na karapatan para sa mga Indian. ______2________, hiniling nito na bigyang-wakas ang pagtatanging ginagawa ng mga Ingles laban sa mga Indian.

Noong 1906, itinatag ang All – India Muslim League sa pangunguna ni Ali Jinnah. Sa pananaw ng mga nagtatag nito, ang interes ng mga Muslim ay hindi napangalagaan ng Indian National Congress. Inakusahan nila ang Kongreso ng ____3____na pagpabor sa mga Hindu kaysa sa mga Muslim.

Humiling ang mga samahang nasyonalismo sa India ng karapatang makapagsarili. ____4_____ ng dapat asahan, ito ay hindi ipinagkaloob ng Ingles. Subalit, nagkaloob ito ng ilang pagbabago sa pamamalakad sa India. _____5______ na naging aktibo ang kilusang nasyonalismo sa India matapos ang Unang Digmaang Pandaigdig.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **gayundin** | **tulad** | **higit** | **mas** | **lalong** | **kaysa** |

Kung tapos ka na, maaari mo nang iwasto ang iyong sagot. Marahil naman nauunawaan mo na ang aralin tungkol sa mga salita/pangungusap na nagpapahayag ng pagtutulad . Tingnan mo kung kaya mo ang susunod na gawain.

A .Punan mo ng angkop na sagot ang patlang na kasunod nito upang mabuo ang kaisipan.

Ang mga salita/ pangugngusap na nagpapahayag ng pagtutulad ay mga pahayag na ___________________.Ang bahagi ng pananalita na karaniwang ginagamit dito ay ang pang-uring ________________.

Ito ay may dalawang uri:

a. pahambing na magkatulad- ______________________________________

Halimbawa:___________________________________________________

b. pahambing na di magkatulad-___________________________________.

Halimbawa: __________________________________________________

**Subukin**

Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Punan mo ng wastong salitang nagpapahayag ng pagtutulad ang mga patlang.

Ang pagpapahayag ng mga mamamayan ng kanilang pagkamakabayan sa Inang-bayan na magbubuklod sa kanila ay nagpapakilala ng dalawang pangunahing uri nito; ang aktibo at pasibong nasyonalismo. _____1______ ito nagpapamalas ng pagmamahal sa bansa ngunit sa pamamaraang naiiba.

Ang aktibong nasyonalismo ay mula sa pagbabanta ng isang makapangyarihang puwersa ng mga tao laban sa isang bansa. Ito ay _____2______ na marahas at malakonstitusyon. Sa madaling salita, pinaiiral nito ang lakas laban sa lakas sa pamamagitan ng digmaan at pag-aalsa.

Ang pasibong nasyonalismo naman ay nagpapahayag ng mga sentimyento ng tao ngunit ang pamamaraan nito ay ____3______ mas payapa _____4____ tulad ng ipinamalas ni Dr. Jose Rizal at ng iba pang manunulat na ipinahahayag ang saloobin sa pamamagitan ng literatura.

Ang dalawang uring ito ng nasyonalismo ay _____5______ ginamit ng mga bayaning Pilipino upang makamit ang tunay na kalayaan.

Mula sa : Daloy ng Kasaysayan at Pamahalaang Pilipino
nina Zenaida Q. Reyes,NerissaS. Tantengco

Nadalian ka ba ? Kung tama ang lahat ng iyong sagot, magpatuloy ka sa sub-aralin 2. Kung hindi, sagutin mo ang kasunod na gawain.

**Paunlarin**

Basahin mo ang maikling usapan sa ibaba. Mula rito, dugtungan mo ang nasabing usapan na bubuo sa kaisipan ng paksa.




Kung tapos ka na, ipakita mo sa iyong guro ang iyong ginawa upang mabigyan ka ng angkop na marka. Maaari ka nang magpatuloy sa sub-aralin2.

## *SUB-ARALIN 2:*

## *Pagkilala at Pagsusuri sa Anyo ng Pahiwatig na Kontekstwal*

**Layunin:**

1. Nabibigyang-kahulugan ang mga piling parirala/pahayag batay sa kontekstong pagkakagamit nito
2. Napipili ang mga salita sa pangungusap na nagbibigay-pahiwatig sa kahulugan ng mahihirap na salita o kaisipan ng pangungusap
3. Nakapag-uugnay – ugnay ng mga makabuluhang impormasyon sa pagbuo ng talata

**Alamin:**

Basahin at unawain mobng mabuti ang teksto. Pagkatapos, sagutin ang kasunod na mga tanong. Titik lamang ang isulat sa iyong sagutang papel.

## SIGLA AT GITING PALAGING NAGNININGNING

"Malayo ang tingin wala namang tinatanaw". Bahagi ng isang awit na naglalarawan ng nangungusap na kasaysayan na sa puso ng bawa't isa'y may panahong itinatak. Kasama ko kayong silipin ang siwang ng dilim na giangalawan ng ating lahi na nakatalikod sa katotohanang bahagi ng lupit sa pakikitalad sa hamon ng buhay. Walang sigla… takot… pipingsaksi sa madidilim na kaganapan sa kapaligiran. Pinahihintulutang Manahan ang dapo nang matagal sa sariling puno. Niligkis ang sangang pinakasunuan at naghari-harian.

Tama na !... Sobra na! Ito ang umaalingawngaw sa buong kapuluan. Naganap ang People Power Revolution sa Edsa noong Pebrero 22, 1986 sa buwan pa ng puso.

Buong sigla at giting na sinalubong nang mga mamamayan, pari at madre ang mga kanyon at tangke. Dala'y bulaklak, rosaryo at pagkaing ibinibigay sa mga sundalo ng rehimeng Marcos. Taimtim na nagdasal at masayang nag-awitan ng makabayang awitin ang mga tao.

Patuloy naman sa panawagan ng pagkakaisa si Jaime Cardinal Sin sa mga mamamayan na naging mahinahon at makipagtulungan. Tinatayang mga 3 milyon ang mga nagpunta sa EDSA. Channel 4 at mga daang patungong Malacañang upang ipakita ang matinding pagsuporta sa mapayapang rebolusyong nagpaalis sa kapangyarihan ng tinaguriang Diktador-Pangulong Ferdinand Marcos.

Naganap ang apat na araw na rebolusyon sa EDSA. Nagtagumpay ang mga nabinhian ng diwang nasyonalismo dahil sa kagitingang ipinamalas.

Pebrero 25, 10:20 ng umaga, ipinoklama si Gng. Corazon C. Aquino bilang kauna-unahang pangulong babae ng bansa sa Club Filipino Greenhills, San Juan, Metro Manila.

Ang mga pangyayaring isinalaysay ay bahagi na ng ating kasaysayang nakatatak sa puso ng bawat Pilipino.

1. Sa pahayag na "Malayo ang tingin, wala namng tinatanaw". Bahagi ng isang awit na naglalarawan ng nagungusap na kasaysayan na nasa puso ng bawat isa. Ang bahaging_may salungguhit ay nagpapahiwatig na :
   a. karanasang di malilimot c. dapat malaman ng Pilipino ang kasaysayan
   b. madugo ang karanasan ng bansa d. ang awit ay pangkasaysayan
2. "Tama na!... Sobra na!" Ibig ipakahulugan ng pahayag ang________________.
   a.galit nila sa sitwasyon c. pagtutol sa isang pangyayari
   b pagsuko sa kaganapan d. paghahasik ngn karahasan
3. Taimtim na nagdasal at masayang nag-awitan ang mga tao.
   Sa pangungusap, makikita ang________________.
   a. pagkakaisa ng mga tao b. pananalig nila sa Dakilang Lumikha
   c. pagkahilig nila sa awit d. pagiging relihiyoso ng mga tao.
4. Ang teksto ay tumatalakay sa ___________________
   a. panahon ni Dating Pangulong Marcos c. mapayapang himagsikan
   b. Si Gng. Corazon Aquino bilang pangulo d. isang madamdaming awit
5. Ang nangingibabaw na kaisipan sa teksto ay ____________________.
   a. Di dapat kalimutan ang mga kasayasayan sa bansa.
   b.. Ang pagkakaisa ay mahalaga sa isang bansa..

c. May magagawa ang mga mamamayan para sa bansa.
d. Umasa sa magagandang kaganapan.

Kung tapos mo nang sagutin ang pagsasanay. Kunin mo sa iyong guro ang susui sa pagwawasto. Alam kong medyo naguluhan ka pero huwag kang mag--alala. May mga bahagi kang di gaanong naunawaan ,di ba?Maging ang nilalaman ng teksto ay medyo humamon sa iyong kaisipan.

Tingnan mo pa ang kasunod na ipababasa ko sa iyo. Bahagi ito ng isang tula ni Marcelo H. del Pilar na may pamagat na “Isang Tula sa Bayan.”

Ang kamusmusan ko kung aalalahanin,
halaman at bundok, yaman at bukirin,
na pawang naghandog ng galak sa akin,
ay inaruga mo bayang ginigiliw.

Ipinaglihim mo nang ako’y bata pa,
ang pagdaralitang iyong binabata,
luha’y ikinubli’t nang di mabalisa,
ang inaandukha mong musmos kong ligaya.

Ngayong lumaki nang loobin ng langit,
maanyong bahagya yaring pag-iisip
magagandang nasa;y tinipon sa dibdib
pagtulong sa iyo bayang iniibig.

Ngayon na nga lamang, ngayon ko natatap
ang pagkadusta mo’t naamis na palad.
Sa kaalipinan mo;y wala nang nahahabag,
gayong kay-raming pinagpalang anak!

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Pansinin mo ang bahaging “ Sa iyong kandungan tinubuang lupa, pawang nalilimbag ang lalong dakila”.Isa pa, yaong bahaging “ Ngayon ko natatap, ang pagkadusta mo’t naamis na palad”. Naunawaan mo ba ang nais ipakahulugan ng mga salitang ito?

Alam kong maraming katanungan ang nabubuo sa iyong isipan kaya basahin mo ang bahaging LINANGIN at tiyak may matututuhanan ka.

**Linangin**

Basahin mo ang impormasyong nasa ibaba.

Sa pagkuha ng kahulugan, maaaring magamit ang pahiwatig na kontekstwal (Context Clues) sapagkat maaaring makuha ang kahulugan sa konteksto o gamit nito sa isang pahayag. Ang mga sumusunod ang anyo nito:

1. Definition o kahulugan ng salita ay makukuha sa ibang bahagi ng pahayag o pangungusap.

   Halimbawa: Ang nasyonalismo ay marubdob na pagmamahal sa bansa na nagpapakita ng taos na paglilingkod at may kaakibat na pagpapakasakit.

2. Karanasan- Sa karanasang nabanggit sa pangungusap, maaaring matukoy ang kahulugan ng salita.

   Halimbawa: Labis siyang nababalisa sapagkat gabi na;y wala pa ang kanyang anak.

3. Salungatan- Ang salita ay may kasingkahulugan ngunit ang malaman ang kasalunagt na kahulugan ng salitang tinutukoy ay lalong mainam.

   Halimbawa: Sa kabila ng pagsugpo sa karahasan, patuloy pa ring umiiral ang kriminalidad.

4. Pahiwatig- Kung ipinakikita ang sanhi at bunga ng pahayag ,malalaman ang kahulugan ng salita.

   Halimbawa: Ang isang ugat ng pagkaalipin ay dahil sa kawalan ng pagkakaisa ng bawat isang mamamayan.

5. Tono- Kadalasan, ang himig at tono bilang paraan ng pagbigkas ay nakatutulong upang maibigay ang kahulugan ng isang salita.

   Halimbawa: a. Mabuhay ang kabataang Pilipino!

   Ang pahayag ay may maigting na damdaming ipinadarama, nangangahulugan ng pagbubunyi.

   b. Mabuhay angt Pilipino?

   Ang pahayag ay nagsasaad ng pag-aalinlangan, walang katiyakan.

   c. Mabuhay ang Pilipino…

   Ang pahayag ay nagsasaad ng pagdaramdam, ng kalungkutan sapagkat may kakulangan sa inaasahan..

Matapos mong basahin ang mga impormasyon, sagutin mo ang gawaing nasa GAMITIN. Huwag kang mag-alala, tiyak kayang-kaya mo ang mga ito kaya simulan mo na.

**Gamitin**

A. Panuto: Ibigay mo ang kasingkahulugan at piliin sa loob ng pangungusap ang kahulugan ng salitang may salungguhit.

1. Ang <u>katampalasan</u>g ginawa ng mga dayuhan ay pagasasamntala sa kahinaan ng nalupig na bansa.
2. Ang <u>pag-ibig</u> ay makapangyarihang damdamin ng tao sa kanyang kapwa.

3. Ang pagkakaisa ng mga mamamayan ay nag-uugnay sa mga tao sa kanilang kasaysayan.
4. Sa pag-unlad ng kalakalan, lumawak ang agrikultura at napabuti ang sistema ng komunikasyon.
5. Ang kasakiman sa kapangyarihan ay daan upang maging mapagbigay ang mamamayan.

Naniwala ka na ba? Madali lang, di ba? Ngayon naman, subukin mo ang susunod na gawain. Hindi ito mahirap pero mag-iisip ka lamang nang kaunti sapagkat susuriin mo ang anyo ng pahiwatig na kontekstwal na ginamit upang makuha ang kahulugang nakapaloob sa pangungusap. Handa ka na Ba? Kung gayon, simulan mo na.Basahin mo muna ang panuto.

B.Panuto: Basahin ang bawat pangungusap. Pagkatapos, hanguin sa pangungusap ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit. Isulat sa tabi ng iyong sagot ang anyo ng pahiwatig na kontekstwal.

1. Maraming konserbatibo o yaong mga taong may pagkiling sa tradisyon ang namayani bago ang rebulusyon.
2. Isang huwad na paglilitis ang naganap sapagkat ang mga hinarap na testigo binayaran upang idiin ang tatlong paring martir.
3. Nagdurugo ang puso ng ina sa pagkawala ng kanyang anak.
4. Ang pagpapatugtog ng plegaria ay simbolo ng pagdadalamhati ng sambayanan.
5. Ang tinuligsa ng mga manunulat ang di- makataong pamamalakad sa bansa sa paraang pinapurihan nito ang mga Pilipinong nagpamalas ng kadakilaan.

Marahil tapos mo na ang gawaing ito, maaari mo nang iwasto ang iyong sagot. Nasa iyong guro ang susi sa pagwawasto.Kung tama ka sa lahat ng tanong, ang galing mo! Kung may mali ka pa, muli mong balikan at basahin ang knakaraang gawain. Kung hindi naman, ipagpatuloy mo ang pagbabasa at dumako ka na sa LAGUMIN.

**Lagumin:**

A. Panuto: Piliin mo sa loob ng pangungusap ang salita o mga salita na magbibigay ng pahiwatig na kahulugan sa mga salitang may salungguhit at ang anyo ng pahiwatig na kontekstwal na ginamit.

1. Masalimuot ang buhay ng mga Pilipino noon at naayos lamang ito nang matamo nila ang ganap na kalayaan.
2. Labis ang paghihimagsik ng kalooban ng mga Pilipino dahil sa wala silang kalayaan
3. "Sugod mga kapatid." Ito ang sigaw ng mga Katipunero noong ang bansa ay nasa ilalim ng mapaniil na dayuhan.
4. Hindi makayanan ang hilahil ng kalooban dahil sa sobrang kahirapan.ipagpatuloy mo ang pagbabasa. Kung hindi naman, balikan mo ang teksto at basahin mong muli.
5. Ang magbata ay magtiis ng hirap.

Matapos mong sagutin ang pagsasanay na ito, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.Kung tamang lahat ang iyong sagot,ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

Ngayon naman, punan ng angkop na sagot ang patlang upang mabuo ang kaisipan.

A. Makukuha ang _______________ sa loob ng pangungusap sa pamamagitan ng _______________________.. Ito ay may __________ na anyo batay sa mga sumusunod:

1 ______________________________________.
2.________________________________________
3.______________________________________
4.________________________________________
5.________________________________________

B. Tingnan nga natin kung alam na alam mo ang mga anyo ng pahiwatig na kontekstwal. Isulat mo sa iyong sagutang papel ang tinutukoy.

1. Kung ipinakikita ang sanhi at bunga ng isang pangyayari na nasasaad sa pangungusap.
2. Bawat salita ay may kasingkahulugan ngunit kung malalaman ang ____________ ay lalong mainam.
3. Sinasabing ang _____________o kahulugan ay makikita sa ibang bahagi ng pahayag o pangungusap.
4. Bawat tao ay may _____________ at mula rito, maaaring mapagkunan din kahulugan ang salita.
5. Ang bawat damdamin ng tao ay nagpapahayag ng tinatawag nating ____________sa pagsasalita na nagpapahiwatig ng kahulugan ng salita..

**Subukin:**

Isulat mo ang ipinahihiwatig na kahulugan ng mga salitang may salungguhit Pagkatapos, piliin sa loob ng pangungusap ang salitang nagbigay-pahiwatig sa kahulugan nito.

.

1. Sa kasalukuyan, mapapansin natin na <u>watak-watak</u> ang mga Pilipino sa pagpapasya sa magiging kinabukasan ng bansa at ito ay nararamdaman natin dahil sa may kani-kanyang plataporma ang iba' ibang grupo ng lipunan na pawang nagmumungkahi ng pagbabago.
2. Noon, ang pagiging makabayan ay nasusukat sa armadong <u>paghihimagsik</u> sa ngalan ng Inang –bayan kung kaya nasulat sa kasaysayan na marami ang lumaban alang-alang sa kalayaan.
3. Ang nasyonalismo ay hindi nangangahulugan ng <u>madugong labanan</u> kundi napakatinding pagmamahal o pag-ibig sa bayan.
4. <u>Napupukaw</u> sa tao ang damdamin ng galit kapag ang mga ito'y minaliit o hinamak ng iba.
5 -6.. Hindi pa huli ang lahat, may pagkakataon pa para sa <u>maningning</u> na kinabukasan sa pagsikat ng araw kung hindi tayo <u>pasusupil</u> sa mapanakop na dayuhan.

| Salitang may Salungguhit | Pahiwatig na Kahulugan | Pahiwatig na Kontekstwal |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |

| | | |
|---|---|---|
| 3 | | |
| 4 | | |
| 5 | | |
| 6 | | |

Matapos mong masagutan ang pagsubok, kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Kung marami ka pang mali, muli mong basahin ang sinagutang pagsubok at muli itong basahin.Kung wala ka namang mali, magpatuloy ka sa susunod na gawain.

**Paunlarin**

**A.** Basahin mo nang tahimik ang talataan. Pagkatapos, isulat sa hanay ang pahiwatig na kahulugan at ang pahiwatig na kontekstwal ng mga salitang may salungguhit.

Ang anumang partido o lapian ay kasimbuti at kasinsama lamang ng mga taong umuugit at bumubuo ng partidong iyan;walang partidong lubos na mabuti at walang partido namang lubos na masama.

Kung pagkatapos ng labanan sa pulitika, ang ating ipinunla sa ating damdamin at puso ay paghihinala't paghahati-hati, paano pa nga magkakaroon ng pagkakaisa ang mga mamamayan? Bawat isa'y iba – iba ang nais na mangyari, pinagpipilitan ang kanyang sariling ideyolohiya sa pananaw ng iba. Bunga nito, ibayong sigalutan, salungatan at walang humpay na batikusan

Tayong lahat ay Pilipino. Iisa ang lahing pinagmulan natin kaya apuhapin sa ating puso ang pagkamakabansa na siyang susi sa tunay na pagkakaisa.

B. Bumuo ka ng sariling talata na ginagamitan ng mga salitang may pahiwatig na kahulugan.

Kung tapos ka na, muli mong kunin ang susi sa pagwawasto at nang malaman mop kung tama ang iyong sagot. Siguro naman, malinaw na sa iyo ang aralin sa modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

**SUB-ARALIN 3**

Suriin ang Tekstong Argumentativ at ang Katangian nito

**Layunin**

1. Nakikilala at nasusuri ang tekstong argumentativ
2. Nasusuri ang teksto batay sa nilalaman
    a. tema at paksa
    b. pagpapahalaga sa kaisipan.
3. Nasusuri ang teksto batay sa tiyak na katangian nito:
    a. Pagkilala sa tono ng teksto
    b. Pagtuloy sa layon ng teksto

c. Pagtukoy sa relasyon ng teksto sa mambabasa
4. Nakabubuo ng isang tekstong argumentativ

**Alamin**

Basahin mo  ang teksto. Pagkatapos, sagutin mo  ang kasunod na mga tanong. Isula mo  sa sagutang papel ang sagot.

Noon sa Ngayon

Marami nang panahon ang lumipas.Ang mga ninuno at magulang natin na  kasama – sama sa dakilang pangyayaring yaon ng kasayasayan, sa panahong ang mga mamamayan ay dumaranas ng labis na paghihirap sa kamay ng mga mapaniil na dayuhan ay wala na. Ang kanilang boses ay di na natin maririnig, ang kanilang mga turo'y di na nila maihahatid kasama yaong mga kuwento ng himagsikan na nakakapagpatawa kung minsan at kadalasan naman ay nakasisindak; ang kanilang mga katawan ay matagal nang inangkin ng lupa – ng lupang tinubuan na siyang ipinagtatanggol nila nang buong lakas.

Marahil, ang uri ng digmaan na kanilang pinasukan noong panahong yaon ay hindi na mauulit. Kung ang itak at gulok ay sapat upang sagipin ang kapurihan ng Inang Bayan sa panahon ni Rizal at ni Bonifacio, ang itak at gulok ay hindi maaaring gamitin sa uri ng digmaan ngayon.

Datapwa't kung ang mga panlaban sa digmaan ay magkaiba, ang mga kasangkapan na lalong mahalaga – ang kagitingan, ang tapang, ang pagtatapat, ang pagtitiyaga at pagmamahal na walang maliw sa Bayan – ay walang pagkakaiba.

Totoong tayo'y nasa panahon ng kapayapaan ngayon, kahit na ang alapaap ng bagong digmaan ay tila baga laging nakatapat sa atin. Panahon nga ng kapayapaan, datapwa't ang mga suliranin natin ngayon – ang suliranin ng madlang paghihirap at pahghihikahos, ang malaki at malawak na agwat ng mga taong mayroon at mga taong walang-wala, ang suliranin ng pagwawaldas sa kabang-bayan, ang suliranin ng pagtataksil sa pagtitiwalang ipinagkaloob sa kanyang mga pinuno – ang mga suliraning ito'y nangangailangan ng kagitingan, ng tapang, ng pagtatapat at pagsusumakit na katulad na ipinakita ng ating mga bayaning ating inaalaala at pinararangalan.

Hango sa Living News & Good Educ Hulyo 20,2005, .Isang bahagi ng
binigkas na talumpati ni Congressman Salonga

Mga Tanong:

1. Tungkol saan ang teksto?
2. Ano ang dalawang uri ng digmaan ang binabanggit sa teksto?
3. Ano lamang sa digmaan ang hindi naiiba?Ipaliwanag ang sagot.
4. Ano ang dalawang preposisyon ang inilahad sa teksto?
5. Ano ang paraan ng pagkakasulat ng teksto?

Nahirapan ka ba sa pagsagot? Hwag kang mabahala.Kung mali ka man o mababa ang iyong iskor, tutulungan ka ng modyul na ito kaya kunin mo na sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.

Tapos mo na bang iwasto ang iyong sagot? Kung mababa ang iskor mo, muli mong basahin ang gawaing ito, Kung hindi naman, ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

**Linangin**

A. Panuto: Ayusin mo ang mga ginulong letra upang mabuo ang salitang nakapaloob dito.

G A
V I T A
N R E
M T U

Ano ang nabuong salita? Alamin mo sa iyong guro kung tama ang iyong sagot.Pagkatapos, basahin mo nang tahimik ang sumusunod na impormasyon.

A. Ang tekstong argumentativ ay nagpapakita ng proposisyon sa pagitan ng mga konsepto o iba pang proposisyon. Tumutugon ito sa tanong na bakit.Ito ay naglalahad din ng panig ng isiping pinaniniwalaan ng manunulat. Samakatwid, ito ay may pagpapaliwanag sa paksang pinagtatalunan o balangkas ng argrumento. May mga patunay ito na nagpapalakas ng panig na pinaniniwalaan.

Ang argumentasyon din ay isang proseso ng pagsuporta o pagpapahina sa pahayag ng katalo kung saan ang balididiti nito ay pinag-aalinlanganan o maaaring hadlangan.

B. Pagsusuri sa nilalaman:

1. Pagtalakay sa tema o paksa- Ito ay nababatay sa isang tiyak na bahagi ng teksto o sa kabuuan nito kinukuha ang tema o kisipan ng binasang aralin.

2. Pagpapahalaga sa kaisipan- Matapos malaman ang pangunahin at pantulong na kaisipan, pinalalawak ang pagtalakay upang mangibabaw ang kahalahgahan ng kisipang nakuha sa teksto.

3. Paghango sa kaisipang pinaniniwalaan at tinututulan- Bawat tao ay may mga panig na pinaninindigan at may mga sinasalungat.

C. Pagsusuri sa ispesifik na katangian ng teksto-

1. Pagkilala sa tono ng teksto- Ang tono ay tumutukoy sa nagha haring damdamin sa teksto. Ito ay maaaring malungkot o masaya, nagagalit o natutuwa, nanlilibak o nagmamakaawa. Maaring makuha ito sa praan ng pagsasalita o maaaring sa kilos.

2., Pagtukoy sa layon ng teksto-Upang matukoy ang layon ng teksto, kinakailangang maisa-isa ang mga nais sabihin ng teksto sa mambabasa.

3. Pagtukoy sa kinakausap at nagsasalita sa teksto- Sa bahaging ito ng pagsusuri, malalaman kung para kanino ang teksto. Sa pagtukoy sa nagsasalita, malalaman ang pananaw ng sumulat.

Matapos mong basahin ang impormasyong ibinahagi sa iyo, maaari ka nang magtungo sa susunod na gawain.

**Gamitin**

A. Panuto; Basahin mong mabuti ang talataan. Pagkatapos, sagutin mo ang kasunod na mga tanong. Titik lamang ang isulat.

## Sa Panahon ng Kapayapaan

Totoong tayo ay nasa panahon ng kapayapaan ngayon, kahit na ang alapaap ng bagong digmaan ay tila baga laging nakatapat sa atin. Panahon nga ng kapayapaan, datapwa't ang mga suliranin natin ngayon—ang suliranin ng madlang paghihirap at paghihikahos , ang malaki at malawak na agwat ng mga taong mayroon at mga walang-wala, ang suliranin ng pagwawaldas sa kabang-bayan, ang suliranin ng pagtataksil sa pagtitiwalang ipinagkaloob sa kanyang mga

pinuno—ang mga sulioraning ito'y nangangailangan ng kagitingan, ng tapang, ng pagtatapat at pagpapakasakit na katulad na ipinakita ng ating mga bayaning ating inaalaala at pinararangalan.

Sapagkat hindi sapat na tayo ay magbigay-parangal at papuri sa kanilang kagitingan; ang lalong mahalagang katanungan ay kung papaanong ang kanilang alaala'y maaaring maging patnubay natin sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Marahil, ang kabayanihang kailangan natin ngayon ay hindi ang sigabo ng katapangan na panandalian lamang, hindi ang kagitingan sa pakikipaglaban sa parang ng digmaan – isang pakikipaglaban na maaaring malutas sa loob ng isang oras, o ng isang araw ,o ng isang linggo; maaaring ang uri ng kabayanihan na kailangan ngayon ay yaong matahimik at matiyagang pagtatapat sa ating mga gawain, yaong may pagtitiis, walang katumbas na halaga at hindi para sa sariling kabutihan.

1. Ang dalawang argumentong pinaksa sa teksto ay ___________________.
   a. Panahon ng kapayapaan at suliranin sa kasalukuyan
   b. Suluranin ng pagwawaldas at kagitingan ng mamamayan
   c. Kabayanihang isinagawa noon at ngayon
   d. Pagpaparangal sa mga bayani at kaginhawahan sa buhay

2. Ang kaisipang nangingibabaw sa teksto ay _____________________.
   a. magtiis at magpakasakit
   b. magpakamatay para sa bayan
   c. sikaping maging payapa ang buhay.
   d. tularan ang mga namayapang bayani.

3. Layunin ng tekstong ___________________________.
   a. maglarawan ng nakaraan
   b. magsalaysay ng karanasan
   c. maglahad ng pangyayari
   d. magbigay ng sariling panig


4. Ang tono ng teksto ay _________________________.
   a. nagdaramdam
   b. nababahala
   c. natatakot
   d. nagagalit

5. Ang teksto ay para sa _____________________.
   a. mga bayaning namatay para sa bayan.
   b. sa mga namumuno sa pamahalaan.
   c. sa mga mamamayang ng bansa
   d. mga mayayaman at nakaririwasa sa buhay.

Kung tapos ka, maaari mong kunin sa iyong guro ang susi sa pagwawasto.
Kung ikaw ay may mali, muli mong basahin ang teksto. Kung tama ang lahat ng iyong sagot, magpatuloy ka sa susunod na gawain.

**Lagumin**

A. Panuto: Sa tulong ng dayagram, ano ang relasyon ng teksto sa mambabasa?




B. Panuto: Punan ng angkop na sagot ang patlang:

Ang tekstong ARGUMENTATIV ay ____________1__________ naglalahad ng _____2______ na pinaniniwalaan ng _______3__________. Ito ay _____________ sa _paksang ________________.

Upang malaman mo kung naunawaan mo ang aralin, gawin mo naman ang kasunod na gawain, ang SUBUKIN.

**Subukin**

Panuto: Basahin mo ang talataan. Pagkatapos, sagutin mo ang kasunod na pagsusulit. Titik lamang ang isulat.

## Bayan Muna Bago ang Sarili

Unahin muna ang bayan bago ang sarili. Ilagay muna ang kapakanan at pangangailangan ng bayan kaysa sariling kapakanan at pangangailangan.

Isa lamang ang bayang pinaglilingkuran natin, isang bandila, isang sagisag, isang mithiin, isang pag-asa, isang pangarap—at kung ang Inang-bayan ay maging malaya, sagana at

matahimik, ang kapurihan ay hindi sa isang lapian o sa isang pangkat kundi sa ating lahat, sa ating pamahalaan at sa ating lahi.

Kung ang bawat isa ay tuligsaan nang tuligsaan, itinatanim sa puso ay paghihinala't paghahati-hati, hindi natin inuuna ang ating bayan. Kung ang lahat ng magaling ay nasa ating partido lamang at ang lahat ay masama ay nasa kabilang partido, humihina ang Inang –bayan sapagkat nawawala ang katotohanan.Tandaan natin, ang anumang partido o lapian ay kasingbuti at kasingsama lamang ng mga taong umuugit at bumubuo ng partidong iyan, walang partidong lubos na mabuti at walang partidong lubos na madama.

Kung inilalagay natin sa ating mga puso ang ikararangal at ikagagaling ng bayan kaysa pansariling kasiyahan, inuuna nga natin ang Inang-bayan. Sa ganito, maigagalang na, maging ang karapatan ng mga lalong aba, pinalalakas natin ang demokrasya at ang kalayaan na siyang dahilan ng paghihirap at pagpapakasakit ng mga namayapang bayani. Tahasang masasabi, inuuna nga natin ang bayan bago ang sarili.

Kung hindi, paano na tayo sa kinabukasan?

1. Ang paksa sa teksto ay tungkol sa ______________.
   a. bayan   c. partido
   b. sarili   d. kinabukasan

2.. Binibigyang-linaw sa teksto na ____________________________.
   a. iisa lamang ang ating mga paniniwala.
   b. hindi dapat manuligsa matapos ang halalan.
   c. mahalagang unahin muna ang bayan.
   d.palakasin ang demokrasya at kalayaan

3.Alin ang maaaring ibunga ng pahayag na "Tuligsaan nang tuligsaan, itinanim sa puso ay paghihinala't paghahati-hati". Ang pahayag ay nagpapahiwatug ng _____________.
   a. pagtatanim ng galit
   b. kawalan ng pagkakaisa
   c. awayan at babagan
   d. hindi pagkikibuan

4. Sa pahayag na "Maigagalang na maging ang karapatan ng lalong aba. Ang aba ay nangangahulugang __________________.
   a. mababa   c. mahirap
   b. pulubi   d. ulila

5. Walang partidong lubos na mabuti at lubos na masama.Ang pahayag ay nangangahulugang __________________.
   a. Walang partidong nag-iisip para sa bayan.
   b. Walang partidong may ganap na kakayahan.
   c. Walang magagawa ang bawat partido.
   d. Walang perpektong partido.

6. Layunin ng tekstong _____________________.
   a. manghikayat   c. magbigay-linaw
   b. mangaral   d. maglarawan

7.. Ang tono ng teksto ay____________________.

a. nababahala c. natatakot

b. nalulungkot d. nalilito

8. Ang bisang pangkaasalang nangingibabaw sa teksto ay ________________.

a. Isaalang-alang ang sasabihin ng iba.

b. Dapat na maging tapat ako sa bayan.

c. Iiwasan ko na makatuligsa ako ng iba.

d. Dapat marunong akong magpaliwanag.

9. Alin sa mga sumusunod ang nagingibabaw na kaisipan ?

a. Maging makabuluhang mamamayan ng bansa.

b. Unahin muna ang bayan bago ang sarili.

c. Walang partidong lubos na masama at mabuti.

d. Ang lahat ay maaaring maging bayani.

10. Sa kabuuan, ang teksto ay tekstong ________________.

a. narativ c. informative

b. argumentativ d. descriptiv

Marahil, tama ang lahat ng iyong sagot. Kunin mo na sa iyong guro ang sagot. Kung may mali ka pa, basahin mong muli ang nakaraang gawain. Kung hindi nama, ipagpatuloy mo.

**Paunlarin**

Panuto; Sumulat ka ng isang tekstong argumentativ na may kaugnayan sa araling tinalakay natin. Pagkatapos, ipabasa mo sa iyong guro upang malaman mo kung tama ang iyong ginawa.

Kung tapos ka na, magpatuloy ka sa susunod na aralin.

**Sub-aralin 4: Sumulat Ka**

**Layunin**

1. Nailalahad nang maayos ang pansariling pananaw, opinyon at saloobin
2. Nakikilala ang mga salitang kaugnay ng isang salita o paksang - ideya

**3..** Nakapag-uugnay-ugnay ng mga makabuluhang impormasyon sa pagbubuo ng talata

4.. Nakasusulat ng isang tekstong argumentativ

5.. Nagagamit ang kaalamang gramatikal at teknikal sa pagsulat

**Alamin**

Panuto: Suriin mo ang talatan:

Ano na nga ba ang alam mo sa kasaysayan ng bansa? Alam mo ba ang hirap na pinagdaanan ng mga namayapang bayani?ang kanilang paninindigan para sa bayan,alam mo ba?

Bawat mamamayan ng isang bansa ay bahagi ng sinasabing pinagdaanang hirap at pagtitiis ng mga namayapang bayani. Sila ang tunay na makabansa na dapat dakilain. Sila ang tunay na nagmahal sa bayan sapagkat sa kanilang laban, wala itong hinintay na kapalit kundi mabawi ang bansa sa kuko ng mga mapagsamantala at nang-aalipin sa mga mamamayan.Sa kanila nag-ugat ang tunay na nasyonalismo, ang tunay na pagmamalasakit sa bansa. Hindi sila tulad ng iba na walang inatupag kundi ang magsasalita lamang at ipangalandakan ang pagmamahal nila sa Inang-bayan. Sila ang ilan sa ngayon na mapagbalatkayo at ang tunay na intensyon ay lituhin ang sambayanan at mapaniwala ang nakararami na sila ang sasalba sa paghihirap sa kabuhayang na dinaranas ng bawat isa. Di sila tulad ng mga tunay na bayani ng lahi na ipinakikita sa kilos ang talagang pakay nila sa bansa.

Sa ngayon, ang bansa ay nasa krisis. Kung hindi pa tayo kikilos, kung patuloy pa tayo sa sistema ng kanya-kanya,magigising tayo isang umaga na wala na ang ating kalayaan, wala ang ating **pagkalahi** at wala na tayong kinabukasan.

Pansinin ang talataan. Paano ba ito sinimulan? Paano ba ito winakasan? Malinaw bang nailahad ang mga ideya? May pagtutulad bang nabanggit sa talata?
Anong bahagi ang Malabo sa iyo.Upang maliwanagan ka, basahin mo ang kasunod na impormasyon.

**Linangin**

**Bago sumulat**- Pumili ng paksa at saka manaliksik upang mapalawak ang kaalaman ukol dito. Gumawa ng balangkas nang maging organisado sa pagpapalawak ng kaisipan.

**Pagsulat ng burador-** Bagamat may inihandang balangkas, maging flexible sapagkat habang sumusulat, maraming bagong kaisipang madaragdag sa iyong isinusulat.

Sa pagsulat, alalahanin ang mga sumusunod:

1. sumulat nang parang nakikipag-usap lamang.
2. Alamin ang paksa.
3. maging matapat sa sarili.
4. Ipanatag ang kalooban.

Hango sa Kakayahang Pilipino sa Komunikasyong Filipino
ni Jose A. Arrogante at Lakandupil C. Garcia

Paraan ng pagsulat ng simula ng isang talata:

1. Isang katanungan
2. Isang makatawag-pansing panbgungusap
3. Isang pambungad na salaysay
4. Salitaan
5. Isang sipi
6. Isang makabuluhan at makahulugang pangungusap
7. Kasaysayan o pangyayari
8. Tahasang paglalahad ng suliranin

Paraan ng pagwawakas

1.Paglalagom sa isang pangungsap ng buong nilalaman
2.Pagpapahayag ng punong kaisipan
3. Pag-iiwan ng isang katanungan sa isipan ng mambabasa
4. Pagpapahiwatig ng mga pasyang higit na hinihingi ng sinundang paliwanag
5. Paggawa ng isang parang panghuhula
6. Pagsariwa ng suliraning binanggit sa simula
7. Pag-uulit ng isang pangungusap o kawikaang ginamit sa bungad ng paglalahad o ng pamagat
8. Paggamit ng isang angkop na sipi sa isang akda na nasusulat sa tula o tuluyan.

Naunawaan mo ba ang iyong binasa. Kung gayon, dumako ka sa susunod na gawain at gawin mo ang pinagagawa sa iyo. Hwag kang mag-alala, madali lang ito.

**Gamitin:**

Panuto: Ayusin ang ginulong talataan upang makabuo ng isang mabisang paglalahad.Isulat ang A-E sa iyong sagutang papel.

1. Dahil dito, maraming pulitiko ang hindi kuntento sa paraan ng pagpapahayag ng nasyonalismo. Dapat daw na magkaroon ng mga patakaran upang maipalaganap ang nasyonalismo.

2. Sa kasalukuyan, may ilang Asyanong iskolar ang nag-akalang ang nasyonalismo ay lipas na., ngunit ito ay hindi dapat paniwalaan sapagkat ang nasyonalismo ay may mahalagang papel na ginagampanan sa pagsulong ng isang bansa sapagkat sa pamamagitan nito, makakamit ang anumang programang pangkaunlaran.

3. Tingnan na lamang ang wikang Filipino na sinasabing dapat na siyang gamiting wikang panturo sa halip na wikang Ingles.. Sa bagay na ito, may nabuong katanungan. Totoo bang mababawasan ang pagiging Pilipino kung Ingles ang gagamitin sa mga paaralan? Ang

paggamit ba ng Filipino ay sapat na dahilan upang ikaw ay tawaging nasyinalista?Kapag ang isang Pilipino ay nagtungo sa ibang bansa , hindi na ba siya Pilipino?


4. Ang nasyonalismo ay konseptong nagsimula sa makatwirang pagkagalit ng mga tao ng iba't ibang nasyon. Ito ang naghikayat sa mga bayani upang ipaaaglaban ang kasarinlan ng Plipinas, kahit na ang kapalit nito'y sarili nilang buhay.

5. Sa kabuuan, ang pagiging tunay na Pilipino ay nangangahulugang pagiging makabansa sa isip, puso at kaluluwa. Katu7mbas din ito ng pagsisikap na matupad ang tungkulin dahil ito ang kailangan ng bayan. Ikaw, masasabi mo bang tunay kang Pilipino?

Naisagawa mo na ba ang gawaing? Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto nang malaman mo kung tama ang iyong sagot. Kung may mali ka, muli mong basahin ang gawain. Kung wala ka namang mali, ipagpatuloy mo ang pagbabasa.

**Lagumin**


Punan mo ng angkop na salita ang patlang na bubuo sa kaisipang nakalahad sa loob ng kahon.


Ang  ay isang kakayahan ng 

na makapagtala sa isang  ng mga

salita, pangungusap at talata para sa makabuluhang 

Bago magsulat, dapat na alam ang paksa at magkaroon ng panahon sa

 upang  ang kaalaman.Kailangan ding sundin

ang tuntunin sa  tulad paggamit ng ______.______.

_____?_____, _______!_______ at marami pang iba.

**Subukin;**

Mula sa dayagram sa ibaba , bumuo ka ng tekstong argumentativ.Gumamit ka ng mainam na simula at wakas sa isusulat na gagawin.

Alin ang higit na mahalaga, Filipino o Ingles?

| Filipino | Ingles |
| --- | --- |
| sagisag ng bansa | tatak ng pagbabago |
| pagkakakilanlan ng lahi | kailangan sa kaunlaran |
| gamit sa komunikasyon | pandaigdigang ugnayan |
| sa Pilipinas lamang | pangglobal |
| pangkalakalan | mataas na lipunan |

Madali lang, hindi ba?Basahin mong muli ang iyong isinulat dahil sa baka mayroon ka pang gustong baguhin. Kung tapos na, ipabasa mo sa iyong guro ang binuo mong talata.

Upang lalo mong malaman ang kabisaan ng iyong natutuhan, gawin mo ang kasunod na gawain. Tiyak ko makakaya mo na ito.

**Paunlarin**

Panuto: Sumulat ka ng isang tekstong argumentativ na may mga pahayag na pagtutulad. Isaalang-alang mo ang wastong gramatika at teknikal sa pagsulat.Pagkatapos, ipabasa sa iyong guro upang ito ay maiwasto.

**Gaano ka na kahusay ?**

Panuto: Piliin mo ang titik ng wastong sagot.

A 1. Ang pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa Kastila ay nagbigay-daan upang makuha ng mga mamamayan ang ganap na kalayaan.Ang salitang may salungguhit ay nangangahulugang _____________.

a.. pagkagalit c. paghihimagsik
b. pakikipagsapalaran d. pagtutol

2. Ang pahiwatig na kontekstwal na ginamit sa unang pangungusap ay ________.

a. laban c. Kastila
b. nagbigay-daan d. kalayaan

3. Parehong masalimuot at walang kapayapaan ang buhay noong panahong ang bansa ay sakop pa ng mga dayuhan.ngunit dahil sa diwa ng nasyonalismo, nagkaroon ng lakas ang mga mamamayan upang lumaban kahit na ang kapalit nito ay higit na dusa at pagtitiis.Ang salitang masalimuot ay nangangahulugang__________________.

a. nakalilito c. magulo
b. maingay d.nakaiinis

4. Ang salitang nagpapahayag ng pagtutulad sa pangungusap blg. 3 ay _____________
   a. pareho c. ngunit
   b. dahil sa d. higit

5..Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga salitang pahambing na magkatulad maliban sa __________.
   a. ka_, Kasing_ c. paris, gaya
   b. kaysa d. kapwa

6.Sina Rose at Ann ay ipinanganak noong Oktubre 20,1989. Sila ay ______________ ng kaarawan
   a. kapwa **c**. tulad
   b. pareho d. paris

B.. Matamang basahin ang talataan:

Ang lahat ay nangangamba nang mga panahong yaon. Ang babae;t lalaki, bata at matanda ay waring nahihintakutan sa mga kaganapan.Paano nga naman kung magkagulo, kung paputukin na ang mga tangke? Paano na nga naman ang mga inosenteng mamamayan.

"Tama na, Sobra na! Hiyaw iyan sa Edsa ng mga naghahangad ng kapayapaan at nagmamalasakit sa kapwa mamamayan. Tama na nga naman ang pahirap sa mamamayan. Tama na nga naman ang pagsasamantala. Panahon na upang ang lahat ay kumilos tulad ng mga bayani noon sapagkat ngayon nama'y maraming maituturing na buhay na bayani. Kung nag-iisip daw ng para sa bayan, bayani yaon. Kung ang tao ay tumutupad sa kanyang tungkulin nang walang katumbas na anuman, bayani rin yaon. Kung lahat tayo ay may disiplina, umaasam ng maganda para sa bansa,tiyak, na ang pag-unlad at wala ang problema sa kabuhayang.pambansa, lahat tayo ay makabayan at nasa atin ang diwa ng nasyonalismo.

Ikaw, kaya mo bang maging bayani?

7. Ang teksto ay tekstong _________________. sapagkat may proposisyon itong umiiral.
   a. argrumentativ c. informative
   b. narativ d. ekspositori
8. Ang paksa ay tungkol sa _______________.
   a. EDSA Revolution noon c.pangamba ng nga tao
   b. kayang gawin ng mamamayan d. mga namayapang bayani
9. Layunin ng tekstong_______________
   a. mangaral c. maglarawan
   b. manghikayat d. magsalaysay
10. Ang tono ng tekto ay ________________.
   a. nagagalit c. nangangamba
   b. nalilito d. nalulungkot

Tapos mo na ang modyul na ito. kaya binabati kita. Maaari mo nang iwasto ang huling pagsusulit mo. pagkatapos nito, maaari ka nang magtungo sa kasunod na modyul.

Susi sa Pagwawasto
Modyul 22
.

Ano na ba ang alam mo?

A.

Pagkakatulad

| Pilipinas | Burma |
|---|---|
| Nagsimula ang nasyonalismo noong ika-19 na dantaon | Nagsimula ang nasyonalismo noong unang dekada, ika-20 dantaon |
| Hindi naisakatuparan ang hangad. | 1937 nahiwalay sa India |
| Nag-alsa laban sa Kastila | Maraming protesta sa Inglaterra |

B.

1. ekonomiya
2. pag-aalsa
3. umasam
4. protesta
5. nakaantig
6. pagsugpo
7. nasyonalismo
8 pa niniil
9. mananakop
10. martir

C.

1 .OO
2. Hindi
3. Hindi]
4. OO
5. OO

D.

1. Kapwa - kaysa
2. naghirap - gayundin
3. tulad
4. magkatulad
5. higit

E

1. A
2. B
3. C
4. A
5. B
6. A
7. B
8. C
9. B
10. C

Sub-aralin 1:

Alamin:

Larawan 1:

magulo ang senaryo
marahas
may patayan
baril ang sandata

Larawan 2:

Higit na maayos
mapayapa
iniiwasan ang pagpatay
panalangin ang sandata

nakatatakot nakababagbag ng loob

Gamitin

A. Mga magkatulad na ideya:

1. Parehong magulo at walang kapayapaan ang buhay ng mga Pilipino.
2. Tulad ng dapat asahan, higit na pinahahalagahan ng mapanakop na bansa ang kanilang kagalingan.
3. Gaya ng nakaraang administrasyon, panibagong kalbaryo sa Pilipno ang bagong mananakop.
4. Marami ang mapagsamantala tulad ng naisiwalat ng mga comfort women.
5. Noon at ngayon ay magkatulad, nasa krisis ang bansa.

B.

| Magkatulad | Hindi Magkatulad |
|---|---|
| Parehong masalimuot | Mas mabuti |
| tulad ng inaasahan | Higit na pinahahalagahan |
| gaya ng nakaraan | |
| tulad ng isiniwalat | |

C.
1. kaysa
2. higit
3. tulad
4. kapwa
5. pareho

Lagumin

A. mas Gayundin higit tulad higit

B. pagtutulad
pahambing

pahambing na magkatulad – Kung ang pinaghahambing ay pareho ng uri o katangian..
Halimbawa – tulad, gaya, paris, kapwa
pahambing na hindi magkatulad – kung ang pinaghahambing ay hindi magkapareho ng uri o katangian.
Halimbawa – kaysa, di tulad, di gaano , di gaya

Subukin:

1. kapwa 2. higit 3. mas 4. tulad 5. pareho

Sub-aralin 2:

Alamin:

1. B 2. C 3. B 4. C 5. B

Gamitin

A.
1. pagsasamantala – pagsasamantala
2. pagmamahal – makapangyarihang lakas
3. pagtutulungan – nag-uugnay
4. lumaki – pag-unlad
5. ganid/maramot- mapagbigay

B.
1. makaluma- definition o kahulugan
2. hindi totoo-pahiwatig
3. nagdadalamhati-karanasan
4. tugtog sa patay-definition
5. pinupuna-salungatan

Lagumin:

A.

| SALITA | PAHIWATIG NA KONTEKSTWAL | KAHULUGAN | ANYO |
|---|---|---|---|
| 1. masalimuot | naayos | magulo | kasalungat |
| 2. paghihimagsik | wal;ang kalayaan | pagkagalit | pahiwatig |
| 3. Sugod mga kapatid | sigaw | paghahamon | tono |
| 4. hilahil | kahirapan | pagdurusa | pahiwatig |
| 5. magbata | hirap | magtiis | definition |

Subukin:

| Salitang may salungguhit | Pahiwatig na Kahulugan | Pahiwatig na kontekstwal |
|---|---|---|
| 1. watak-watak | walang pagkakaisa | kani-kanya |
| 2. paghihimagsik | pakikipaglaban | lumaban /kalayaan |
| 3. nasyonalismo | pag-ibig sa bayan | matinding pagmamahal |
| 4. napupukaw | naaantig | damdamin ng galit |
| 5. maningning | maliwanag | pagsikat ng araw |
| 6. pasusupil | pagagapi | mapanakop |

Paunlarin:

Pahiwatig na Kahulugan Pahiwatig na Kontekstwal

| | |
|---|---|
| lumilinang | bumubuo |
| itinanim | damdamin |
| pagwawatak-watak | pagkakaisa |
| kaisipan | pananaw |
| damahin | puso |

Sub-aralin 3:

Alamin

1. Ang kaugnayan ng buhay noon sa ngayon.
2. marahas na digmaan at mapayapang digmaan
3. suliranin sakahirapan
4. ang pagpili sa dalawang uri ng digmaan
5. pormal sapagkat pili ang salitang ginamit

Linangin

ARGRUMENTATIV

Gamitin

1. C 2. A 3. D 4. B 5. C

Lagumin

A.

KABAYANIHAN

| BISANG PANDAMDAMIN | BISANG PANGKAISIPAN | BISANG PANGKAASALAN |
|---|---|---|
| Nakaaantig ng damdamin<br>Nabagbag sa naganap. | Bawat mamamayan ay dapat gumanap ng tungkulin<br>Ang mamamayan ay dapat makilahok sa ikabubuti ng bansa. | Tutupad sa tungkulin<br>Magmamalasakit sa bansa.<br>Hindi papayag na masakop muli ng dayuhan. |

.

B. 1. 1. teksto 2. panig 3. manunulat 4. nagpapaliwanag 5. pinagtatalunan

Subukin:

| | |
|---|---|
| 1. A | 6. A |
| 2. C | 7. A |
| 3. B | 8. B |
| 4. C | 9. B |
| 5. D | 10. B |

Sub-aralin 4:

Gamitin :
1. C
2. B
3.D
4. A
5. E

Lagumin:

Ang _pagsulat_ ay isang kakayahan ng _tao_ na makapagtala sa isang _papel_ ng mga salita, pangungusap at talata para sa makabuluhang _komunikasyon._

Bago magsulat, dapat na alam ang paksa at magkaroon ng panahon sa_ _pananaliksik_ upang lumawak ang kaalaman .Kailangan ding sundin ang tuntunin sa _pagsulat_ tulad ng paggamit ng _tuldok_ , _tandang patanong_, _tandang padamdam_ at iba pa.

Gaano ka na kahusay:
A.

| | |
|---|---|
| 1. C | 6. B |
| 2. A | 7. A |
| 3. C | 8. B |
| 4. A | 9. B |
| 5. B: | 10. C |